


iberal Arts



# *Academic Kinship* at *Institutional Memory* sa Lente ng Sentenaryo ng Antropolohiya at Sosyolohiya sa Unibersidad ng Pilipinas

Carlos P. Tatel, Jr.

## Isang nakatagong anibersaryo

Labinlimang-taon na ang nakararaan, habang sinasaliksik at sinusulat ko ang *institutional history* ng University of the Philippines (UP) - Department of Anthropology, nakita ko sa mga naninilaw na pahina ng University Catalogues sa UP Archives na may isa pa palang mahalagang sentenaryo na marapat na balikan at tanghalin: ang ika-100 taong anibersaryo ng pagkakatatag ng UP Department of Anthropology and Sociology. Ito ay isang departamento ng pinagsanib na disiplina at kaguruan ng antropolohiya at sosyolohiya na noo'y nasa ilalim ng matandang College of Liberal Arts (CLA) sa loob ng orihinal na campus ng UP sa Padre Faura, Maynila. Si H. Otley Beyer, kilalang Amerikanong tagapagtatag ng disiplina ng antropolohiya sa UP at nagturo ng kauna-unahang kurso na pang-kolehiyo sa antropolohiya sa Pilipinas, ang siyang itinalagang pinuno nito mula 1921 hanggang sa pinal na paghihiwalay ng antropolohiya at sosyolohiya noong unang bahagi ng dekada '50 (Tatel 2010, 2014; UP General Catalogue and Announcements 1911, 1917, 1925, 1948, 1958-59, 1968-9, 1972-3; Jose et. al. 2011).

Bagaman nagtagal lamang ang pagsasanib ng 30 taon, naging pundasyon naman ito ng mabubuo sa hinaharap na magkahiwalay na disiplina at departamento ng antropolohiya at sosyolohiya sa loob ng UP. Sa pagkakatatag ng UP System circa 1970s lalo pang mag-iiba at magkakalayo ang Department of Anthropology at Department of Sociology sa loob ng *constituent university* na UP Diliman. Kung gayon, makabuluhang balik-tanawin ang tila nabaong kasaysayan ng "magkapatid" na disipina dahil, sa ngayon, may kanya-kanya na ring buhay, sistema at tunguhin ang dalawang nabanggit na larang ng kaalaman. Anupa't ang pinakamabisang paraan ng paggunita ng dating ugnayan ay sa pamamagitan ng selebrasyon na ang layon ay tanawin ang pinagsimulan, pinagsamahan at patutunguhan. Sa dulo ng nilatag na mga pagdiriwang ay isang pambansang kumperensya hindi upang tuldukan ang kwento kung hindi ipagpatuloy ito. Sa panahon pa man din ng Pandemya natupad ito, at sa pamamagitan nakakapanibagong *online* na plataporma ng pagtitipon gamit ang teknolohiya ng internet, social media at Zoom.

---


[1] Halaw at pinaunlad mula sa mensahe ni Carlos P. Tatel, Jr. bilang Co-Convener ng Pambansang Kumperensya ng UP Department of Anthropology and Sociology Centennial Commemoration Online National Conference, "Divergences and Intersections." Pagbubukas na Programa, Marso 23, 2022, sa pamamagitan ng Zoom.

Kung ang Pandemya man ay senyal ng pagbabagong-panahon at hamon ng makabagong-panahon, hindi natinag ang  mga kasalukuyang Departamento ng Antropolophiya at Departamento ng Sosyolohiya na kabakahin ito, sariwain ang nakaraan, balikan ang mga pinagdaanan, at magbigay ng matapang at marunong na pagtataya sa hinaharap. Sa nasabing *online conference*, nagkaisa ang tinig na pag-ibayuhin, imbes na kalimutan, ang dating pinagsamahan at pinagkaisahan. Lalo pa sa panahon ngayon na tumataas ang pagtingin są kolaborasyon at kooperasyon są pagitan ng iba't ibang larang ng kaalaman, magandang tunguhin na makipag-ugnayan muli ang antropolohiya at sosyolohiya sa isa't isa. Isang bagay  ito na matagal na nilang nagawa, kung tutuusin. Sa parehong pangangatwiran, tila nakisama rin ang palatuntunan ng kumperensya sapagkat marami ang nakibahagi, na-engganyong manood o dumalaw, lalo pa't *accessible* ito sa maraming tao partikular sa mga kabataang mag-aaral sa loob at labas ng UP, at sa loob at labas ng mga disiplina ng tinaguriang "*anthro-socio*" (*UP Anthropology and Sociology Conference* 2022).

## Iisang p(in)uno — dalawang bunga

May konteksto ang mga pagsasanib-paghihiwalay o pagkakatatag-pagtatapos ng mga institusyon. Sa kaso ng antropolohiya at sosyolohiya sa UP, salamin ito ng pagbabago ng lipunan at kulturang Pilipino sa daloy ng pambansang kasaysayan. Pareho lamang kasi ang pundamental na prinsipyo ng dalawa — ang liberal na edukasyon, ang maghawan ng landas tungo sa produksyon ng kaalaman partikular sa pagiging-Pilipino at pagpapaka-Pilipino. Ito naman talaga ang layon ng mas malawak na *liberal arts education* kung saan nakapasailalim ang pagsasanib na ito: palaguin ang kaalaman, palalimin ang karunungan, pataasin ang kapantasan bilang bahagi ng paghubog ng Pilipino na tutulong sa pagbubuo ng makabagong bansa. Kamakailan, nagdiwang din ng sariling sentenaryo ang dakilang kolehiyo ng CLA (*College of Liberal Arts*) na ngayon ay naglaho na subalit nananalaytay pa rin ang *institutional memory* ng mga kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya (CSSP), Agham (CS) at Arte at Literatura (CAL).[1]

Naghiwalay din ang tinaguriang "*anthro*" at "*socio*" kasi kailangan nang lumalim ang kanilang mga disiplina at magpalalim sa batayan ng kanilang mga larangan: tututok ang antropolohiya sa kultura at prehistoria, samantalang ang aatupagin naman ng sosyolohiya ang lipunan at mga suliraning kaakibat nito.




May pahiwatig na mayroong panloob na "*division of labor*"sa pagitan ng dalawa: ang una ay para sa pag-aaral ng Pilipino bilang katutubo o pangkat etniko, samantalang ang huli naman ay para sa pagsusuri ng urbanisado at kontemporaryong pamumuhay Ng Pilipino. Konsistent ito sa Kurikulum ng dalawang disiplina at maging sa espesyalisasyon ng mga gurong kanilang hinihirang.[2]

Tunghayan ang ilang halimbawa ng mga di-gradwadong kurso ng sosyolohiya sa ibaba:

*Sociology 1: Principles of Sociology*
*Sociology 2: Social Problems*
*Sociology 4: Rural Sociology*
*Sociology 5: Criminology*
*Sociology 6: Social Psychology*
*Sociology 7: Social Statistics*
*Sociology 8: Social Charities*
*Sociology 9: Prison System*
*Sociology 10: Social Progress in the Philippines*
(UP Catalogue 1922-1923)

Tingnan naman sa ibaba ang halimbawa ng mga di-gradwadong kurso ng antropolohiya:

*Anthropology 103: Philippine Ethnography*
*Anthropology 104: Philippine Languages*
*Anthropology 106: Social Anthropology*
*Anthropology 107: Social and Economic Life of the Philippine Mountain Peoples*
*Anthropology 108: Physical Anthropology*
*Anthropology 109: Criminal Anthropology and Race Mixture*
*Anthropology 115: Museum Methods*
*Anthropology 116: Philippine Folklore*
(UP Catalogue 1922-1923)



Mahihinuha sa mga orihinal na mga kurso sa di-gradwadong lebel ng dalawang disiplina na nakatuon sa ideya ng "*native*" at "*primitive*" ang diskurso ng antropolohiya, samantalang nakasandal naman sa praktikal na pamumuhay sa loob ng diskurso ng pasasabansa o "*nationhood*" ang sosyolohiya. Matatandaan na sa piryod na ito, nasa ilalim pa rin ng kolonyal na gobyerno ng Amerikano ang kapuluan ng Pilipinas. Sa pagdaan ng panahon, nagbago pa ang mga kurso, lumago ang kurikulum at nadagdagan ang mga *faculty*. Sa mga pagbabagong iyon makikita ang mahigpit na kaugnayan ng *pedagogy* sa nangyayari sa bansa at sa mga Pilipino.[3]

Sa umpisa ng circa 1920, nilikha ang isang departamento na agad-agad may dalawang bunga — *anthropology* at *sociology*. Ang pinuno at puno — si Beyer. Gayumpman, sa pagsusuri ko ng produksyon ng kaalaman ng dalawang disiplina sa mga panahong ito, hindi naging malinaw kung paano napag-ugnay ni Beyer ang *anthro* at *socio* sa isa't isa subalit sa loob ng kanyang pamamahala napatunayan naman na lumago sila parehong — lumaki ang bilang ng kanilang kaguruan, umunlad ang parehong kurikulum, at nakapagpatapos ng mga natatanging mga mag-aaral na magiging pundasyon ng henerasyon ng Pilipinong antropologo at sosyologo. Bilang patas na pagtataya rin kay Beyer, marahil sapat nang kilalanin ang posibilidad na dahil sa higanteng pigura mismo niya na isa sa pinakamatanyag at pinakaimaimpluwensyang akademiko mula sa UP at sa Indo-Pasipiko (wala pang taguring "*Southeast Asia*" noon) binitbit na ng kanyang reputasyon ang reputasyon ng buong departamentong kanyang pinamumunuan.[4]


Tatlong dekadang pinamunuan ni Beyer ang magkasanib na UP *Department of Anthropology and Sociology*, bagaman may tatlo hanggang apat na taon dito na sarado ang unibersidad bunsod ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Pagsapit ng 1950s, permanente nang nagsanga ang landas ng antropolohiya at sosyolohiya sa UP. Ang una, bumalik sa pagigi nitong orihinal na hiwalay at nagsasariling departamento. Ang huli naman, itinatag bilang bagong *Department of Sociology and Social Welfare*. Samantala, kung ano ang nangyari sa disiplina ng sosyolohiya matapos ang 1950s ay hindi na saklaw ng sanaysay o mensaheng ito subalit alam naman natin na sa UP Diliman – isang *constituent university* ng UP *System* – kinalaunan, naghiwalay din ang disiplina ng *Sociology* sa panibagong larangan ng *Social Work*.

## Pasundayag sa pamamagitan ng pinagsamang alaala

Tila sa hinagap ko lang noon ang ideya na magkaroon ng magkasanib na selebrasyon ang dalawang departamento, subalit ngayon, sa tulong ng lumalalim na pagpapahalaga sa dayalogo ng mga henerasyon ng mga akademiko tungkol sa kanilang departamento at disiplina, tinupad ng dalawang departamento ang pagnanasang ito. Itinawid ng magkasamang kaguruan at pamunuan ng mga departamento ng antropolohiya at sosyolohiya — ngayon ay nasa ilalim ng CSSP sa UP Diliman — ang naunang henerasyon ng mga akademiko at institusyon sa makabagong henerasyon ng mga akademiko, institusyon at mag-aaral ng disiplina.

Kapag sinabing "pasundayag," para itong nagtatanghal habang nagbibigay din ng kaalaman at magandang balita. Maaari nagbibidá o nagpapakita ng kung ano ang mayrooon sa loob at inilalabas o ipinagmamalaki ito sa bayan.[5] Para sa akin, pasundayag din ang kolektibong gawain ng pag-alaala sa kwento at buhay ng mga institusyon. Nagpapasundayag tayo sa pamamagitan ng paglingon sa nakaraan at, kasabay nito, malayo rin ang tanaw sa hinaharap. Nagpapalitaw ng sariling galing, nagpapatotoo sa kakayanan, nagpapatibay ng pag-iral.

Pasundayag na maituturing ang ginawa ng kasalukuyang Departamento ng Antropolohiya at Departamento ng Sosyolohiya, kapwa nasa CSSP, na maglatag at maghabi ng magkakaugnay na aktibidad para sa isang akademikong taon, 2021-2022, sa ilalim ng sama-samang pag-marka ng sentenaryo ng kanilang pagsasanib noon bilang iisang departamento: una, ang *kickoff* event, ikalawa, ang *online exhibit*, at ikatlo, ang online na pambansang kumperensya. Sa unang okasyon, ipinakilala ang pundasyon ng mga disiplina ng antropolohiya at sosyolohiya sa pananaw at paggunita ng tinitingalang "*senior citizens*" ng kanilang mga departamento. Ang ikalawa naman ay online at biswal na exhibit ng kasaysayan ng matandang UP *Department of Anthropology and Sociology* na noo'y nasa Padre Faura, Maynila pa at nasa loob ng CLA. Layunin nitong maipakilala ang kwento ng pagsasanib sa nakababatang henerasyon ng mga antropologo, sosyologo at mga nagpapakadalubhasa sa *social science*. Ikatlo at bilang panghuling gawain, ang pambansang kumperensya. Sa mga naging presentasyon at mga papel kitang-







kita ang makakakawing-kawing na interes at gawain ng *anthropologists* at *sociologists*, kahit pa sabihin na espesyalisado na ang kanilang mga pag-aaral at gawain. Mapapansin na kahit magkahiwalay na ang *anthro* at *socio* sa UP magkadugtong pa rin ang kanilang mga puso at pusod. Nakatutuwa lang isipin na kung sa UP Diliman malaon na ang hiwalayang ito, nananatili namang magkasama at magkasanib ang dalawang disiplina sa mas maraming mga kolehiyo at unibersidad sa buong bansa.

Gusto kong bigyan ng diin na ang tatluhang-aktibidad ay ginanap at isinagawa sa panahon ng kasagsagan ng Pandemya na, para sa akin, hindi lang nakamamangha, bagkus, simboliko pa. Nagpapakita ito ng katatagan sa harap ng makabagong hamon sa pag-iral ng akademya. Mag su-*survive* ba ang *anthro* at *socio* sa panahon ng krisis, *emergency* at sakuna? Isa sa mga sagot at tugon sa hamong ng panahon ay "pag-uugat" upang hindi tayo malihis nang landas sa hinaharap (na tema rin ng *UP Department of Anthropology and Sociology Centennial "Divergences and Intersections" 2021/2022*).

## Marunong gumunita ang institusyon

Kamukha ng kahit na anong grupong panlipunan — likha ng tao — may kakayahan at kakanyahan ang institusyon na gunitain ang sariling nakaraan. Marunong itong magkwento, maghabi ng salaysay, magpadama ng halagahin, magturo at magpaalala para sa sariling kapakanan at kagalingan. Ikinukwento ang mga kwento sa mga pagtitipon, pag-uumpukan, o simpleng kainan. May mga palatandaan sa paligid na nagpapakita ng pisikal na labí ng nakaraan tulad ng mga naka-display na plake, tropeo, naka-*frame* na *news clipping*. Mayroon ding album, *anniversary pictures* at *memorabilia*. May mga kwentong naging bahagi na ng opisyal na kasaysayan ng organisasyon katulad ng *anthem*, panata at slogan. May mga marka sa pader, gusali, at sa mga kagamitan. Ang buháy na institusyon ay patunay na hindi lamang sa lebel ng personal o indibidwal may bisa ang pag-alaala. Ito'y kolektibo rin; karaniwan pa nga hinuhubog ng kultura ng organisasyon o sistema ng lipunang kinapapalooban. Sa pag-alaala napalilitaw kung paano "nag-iisip" ang lipunan o organisasyon.[6] Sa pag-alaala, nasasalamin at napalulutang ang kung anuman ang itinuturing na mahalaga sa loob upang malaman ng mga taga-labas at maitawid ito sa susunod na henerasyon.

Ang institusyon o organisaayon ay tila mikrokosmo ng mas malaking lipunang ginagalawan at kinapapalooban. Nagiging bahagi at nagbabahagi ang mga miyembro nito. Minsan, may mga salaysay na nakatago o nakalimutan na. Sanhi ito ng pagkawala ng mga nakakaalam nito o maaari ding dahil sa hindi naipasa nang maayos ang mga naratibo, dokumento, aral, halagahin, *souvenir* sa susunod na henerasyon.




Gayundin, may mga kwento na sadyang itinatago sapagkat nakapaghihiwalay o nakasisira ng kabuuan.

Parang buhay at buháy na nilalang ang institusyon. Lumalaki, lumalago, tumatanda. Minsan nagkakasakit at humihina. Minsan sa kasamaang-palad, namamatay. Sa ibang pagkakataon, nagiibang-anyo at pumapaloob sa bagong identidad. Kahit luma na, naging tuntungan naman ng bago. Walang tapon, walang sayang. Lahat ay bahagi o kabahagi sa paglalakbay. Lahat ay piyesa at pundasyon na tinutuntungan ng dakilang gusali.

Importanteng makita natin ang katotohanang ang akademya ay may tinaguriang "*social life*." Hindi abstrakto o isang konsepto lang ang akademya. May praktikal at aktwal na interaksyong pantao na nagaganap dito. Sa kulturang Pilipino, ang *social life* pa nga karaniwan ang nagpapatakbo sa galaw ắt direksyon ng lipunan. Gayon din sa akademya. Ito ang nais nating magagap at mahawakan — ang *social life* ng akademyang buháy at may buhay.

## Kolaborasyon sa akademya batay sa kinship

Kapag hinahanap natin ang ugat ng mga bagay-bagay, binubuksan na rin natin ang posibilidad ng paglikha ng koneksyon at ugnayan. Kapag iniuugat natin ang mga bagay-bagay sa mas malayo at mas malalim na pinagmulan, natutuklasan natin ang pinagsamahan at pinagdaanan. Kapag may pagkilala sa iisang pinagmulan at kaparehong karanasan, mas madaling maghabi ng mga layunin at gawain.

Sabi nila, ang panahon daw ngayon ay panahon ng pinaigting na kolaborasyon at kooperasyon. Mas malawak na kuneksyon at *network*, mas mabuti. Panahon daw ngayon ng pagbubukas ng bintana at pintuan para sa mga magkakapitbahay na akademiko at departamento. Hindi na uso ang saradong pintuan. Lahat ay bukas — tumatanggap sa ibang kaisipan, pinapadali ang ugnayan, at nagsusulong ng pakikipagtulungan. Tila bumabalik sa naunang panahon na magkakasama pa ang mga disiplina sa iisang tahanan. Pinapanumbalik ang nawaglit o nakaligtaang ugnayan. Dati naman talagang magkakadugtong ang iba't ibang larang ng kaalaman hanggang sa, sabi nila, binastardo ng espesyalisasyon. Kung iisipin, kahit sa loob na nga ng sariling disiplina, binabastardo pa rin ng mga tinaguriang "sub-disiplina." Halos hindi na magkakakilala ang mga nakatira sa ilalim ng iisang bubong. Nagtatayo ng maliliit na kaharian na, balang araw, hahangarin na rin ang pagsasarili at paghihiwalay.

Ngayon, Pandemya, nakita ang kapangyarihan ng pag-uugnayan. Napatunayan ang kapangyarihan ng pakikipag-usap at sabayang pag-alala. Hindi lang ito pakitang-tao, usapin ito ng kabuluhan at pag-iral. Ngayon, kaysa sa iba pang panahon, nagkaroon ng mas mataas na adhikaing maghabi ng hibla ng mga gunita at pagdugtungin ito upang makabuo ng salaysay na may saysay. Ito ang matayog na layon sa ginawa ng UP *Department of Anthropology at UP Department of Sociology* ng magkatambal na selebrasvon ng sentenaryo. Isinabuhay na nila ang maya't mayang panawagan ng kolaborasyon. Hindi na lang ipinapangarap o isinasambit ng bibig, kung hindi, isinasagawa at ikinikilos na. Marami pang pintuang dapat katukin — ang agham, ang ekonomiya, inhenyeriya, mga nawalay sa kanilang mga kamag-anak na disiplina. Kung susuriin, may dahilan pala kung bakit nabuo ang *Liberal Arts* at, kinalaunan, *Arts and Sciences.* Ito ay upang pagsama-samahin ang iba't ibang larang ng kaalaman upang maging mas buo at kumpleto ang pag-unawa ng at paghubog sa tao.

Likas sa tao at grupong panlipunan ang kinship. Napakalaganap at malikhain din nito, lumilitaw sa iba't ibang aspeto at konteksto ng buhay panlipunan.[7] Ang lakas-lakas ng kinship sa akademya. Sa totoo lang, maaari itong gawing proyekto — pagmamapa ng ugnayan, pagtalunton sa kolektibong memorya, paghabi ng kabuuang tela. Simulan natin sa UP. Nakaaaliw sundan ang *intellectual/academic kinship*: si Sir estudyante si Ma'am na kaibigan ni professor na *collaborator* ni *project leader* na tagapayo sa thesis, at iba pang mga permutasyon ng ugnayan. Ang daming posibilidad. Sala-salabat at nagsasanga-sanga. Isa tayong sapot ng mga relasyon at kwento sa akademya. Hulihin natin ito at alagaan. Pwedeng mag-*connect-the-dots*. Sa konsepto ng kinship o kamag-anakan, walang nasa labas nito, lahat nasa loob. Siguradong kabilang ka ng isang grupo. Walang ermitanyo. Sa panahon ngayon, hindi na uso ang maging isla sa karagatan.



Tila ba tayo hinahabing sinulid upang makabuo ng magara at matibay na hablon. Para tayong iba't ibang tunog na pinagsasama-sama upang makagawa ng obrang pang-musika. Kapag nasa tono at may sukat din ang titik dito, napakagandang pakinggan sa tenga. Kapag hindi, alam ninyo na ang resulta.

## Institusyon bilang komunidad

Hihiramin ko ang konsepto sa sosyolohiya: *cohesion, integration*.

Isang mahalagang leksyon: huwag maging nag-iisang tala sa langit, mas maganda itong tanawin kung bahagi ng balatik o konstelasyon. Huwang magkasya sa sariling-gawang mundo o, mas malala, gawa-gawang mundo. Huwang magkulong sa kumportableng hangganan ng kani-kaniyang disiplina. Huwag ibuhos ang buong kaluluwa sa paniniwalang ang disiplina mo lang ang sasagot sa mga tanong ng tao at isyung lipunan. Tingnan natin ang katabi. Silipin ang nasa kabilang bakod. Pakinggan ang ibang perspektiba. Huwag mapanghusga. Gawin ito sa pamamagitan ng pagpasok sa ibang disiplina. Kilalanin at unawain sila. Pagkatapos, gamitin ang mga natutunan upang mas lalong paunlarin ang sariling pinanggalingang disiplina. Makipagdayalogo. Sikapin makita ang punu't dulo kung bakit tayo nasa iisang komunidad, sa loob ng parehong "tahanan." Tulad ng "tahanan," sang-ayon nga kay Dekana Maria Bernadette Abrera ng CSSP,[8] lugar ito ng tagpuan at tagisan!


Isa pang leksyon: hindi madali ang pagtahak pabalik sa pinagmulan. Magkakaligaw-ligaw at matatalisod sa dami ng sagabal. Malaking hamon ang pagtitipon ng datos at pagkakalap ng mga kwento tungkol sa mga institusyon at organisasyon. Sa totoo lang, malaking responsabilidad ito. Ikaw ang masisisi kung mayroong hindi naisama, naipakita o napakinggan. Ang mahirap nito, habang sinasaliksik ang naratibo, tuloy-tuloy pa sa paglikha ng dagdag na naratibo ang institusyon. Hindi natatapos. Parang humuhuli ng isda sa ilog sa sariling mga kamay.

Ang institusyon (departamento, kolehiyo, unibersidad) ay komunidad. Hindi ito pader, opisina, lamesa, kwarto, bato o semento. Ito ay binubuo ng mga empleyado, mananaliksik, estudyante at guro. At dahil binubuo ito ng tao, hindi ito perpekto. Kahit kailan hindi naman talaga ito magiging perpekto. Pero tulad din ng tao, may kapasidad itong maging malikhain at humawan ng mga bagong landas para sa sariling pag-unlad at pag-unlad ng iba. Madaming "*sociology*" na kaakibat ng pagbubuo at pagpapatakbo ng institusyon. Mayroon siyang *institutional* at *collective memory* sanhi ng hindi tumitigil na interaksyon ng tao. Gayundin, malalim ang nalikhang "*anthropology*" sa pagbabalik-tanaw at pag-alaala. May kultura kasing nabubuo ang bawat institusyon. Sa anumang proyekto ng pagsusulat ng *institutional history*, ang "*sociology*" at "*anthropology*" ng institusyon ay napakahalaga dahil para ka ring nagsusulat tungkol sa tao — mga taong nagsama-sama upang maging isang kolektibo at manatiling umiiral sa daloy ng kasaysayan.

Sa anumang proyekto ng pagsusulat ng *institutional history*, ang "*sociology*" at "*anthropology*" ng institusyon ay napakahalaga.

Napakahalaga ng gawaing ito subalit nakakakaba din dahil nagbubuhol-buhol ang ang kwento ng personal sa kwento ng institusyon. Walang takas dito. Maaari bang sa mabuting mga kwento na lang tayo mag-pokus? Pwede bang wag na nating pag-usapan ang mga pangit na pangyayari? Tanging panahon lang ang makapagsasabi kung ano ang maisasama o mawawaglit sa alaala ng isang institusyon.





## Mga Tala

[1] Jose, Ricardo T; Laura L. Samson at Gianne Sheena Sabio (mga patnugot). *Celebrating the Birth and Rebirth of the U.P. College of Liberal Arts (1910-1983).* Diliman, Quezon City: The U.P. College of Arts and Sciences Alumni Foundation, Inc., 2011.

[2] Tingnan ang UP *General Catalogue and Announcements 1925;* Carlos P. Tatel, Jr., "Anthropology and Sociology at UP: Lessons from an Academic Union," sa *Philippine Sociological Review,* Vol. 62 (Nicole Curato, patnugot ng isyu), pp.109-137, 2014; at Carlos P. Tatel, Jr., "Anthropology at the University of the Philippines: Examining Institutional History and Academic Dependency in a Southeast Asian University," sa Kathinka Sinha-Kerkhoff at Syed Farid Alatas (mga patnugot), *Academic Dependency in the Social Sciences: Structural Reality and Intellectual Challenges.* New Delhi: SEPHIS at Manohar Publishers, 2010.

[3] Para sa mas mabusising pagtalakay sa ebolusyon ng mga kurso ng antropolohiya at sosyolohiya, tingnan ang dalawang lathalain ni Tatel sa tala sa ibabaw.

[4] Maluwag pa ang pintuan para sa ibang pananaw tungkol dito. Malaya ang sinuman na magbigay ng sariling pag-aaral at kuru-kuro sa bahaging ito ng kasaysayan ng UP Department of Anthropology and Sociology. Tingnan ang Wilhelm G. Solheim II, "H. Otley Beyer," sa *Asian Perspectives,* Vol. 12, pp.1-8, 1971; at Mario D. Zamora, "Henry Otley Beyer 1883-1966," sa *American Anthropologist,* Vol.76, No.2, pp.361-2, 1974.

[5] Vicente C. Villan, "Paliwanag sa Pasundayag." Pagbubukas na Program ng Pasundayag ng Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya. Palma Hall Room 400, UP Diliman, 2015.

[6] Paul Connerton, *How Societies Remember.* United Kingdom: Cambridge University Press, 1989; Charlotte Linde, *Working the Past: Narrative and Institutional Memory*. Oxford University Press, 2009.

[7] Mickinnon, Susan at Fenella Cannell, *Vital Relations: Modernity and the Persistent Life of Kinship*. USA: School for the Advanced Research Press, 2-13.

[8] Maria Bernadette L. Abrera, "Tahanan, Palaruan — Mission-Vision para sa College of Social Sciences and Philosophy." Palma Hall 400, UP Diliman, 2017.